



Idyomatikong Ekspresyon sa Wikang Filipino: Sipat-suri sa mga Metaporang Ginagamit Sa Pang-araw-araw na Diskurso

Lheris May R. Ople

Integrated School, De La Salle University

ABSTRAK

Malaking bahagi ng talastasang Filipino ang paggamit ng mga idyoma bilang ekspresyon sa pagpapahiwatig ng mga mensaheng nais na iparating. Salig ito sa kaugalian ng mga Pilipino na pakikipagkapwa at kababaang-loob. Layunin ng papel na ito na malaman ang pahiwatig ng kahulugan o pahiwatig ng mga metapora ayon sa leksikal semantiks. Inilarawan sa pamamaraang ito ang kaligiran ng mga ekspresyon batay sa apat (4) na tema na tinukoy bilang (1) halaman, (2) bagay, (3) hayop, at (4) bahagi ng katawan. Gayundin, ginamit bilang lente sa pagbibigay-kahulugan ang dekomposisyonal na pananaw sa idyoma na nagsasaad na ang bawat salita o elementong bumubuo sa metaporikal na ekspresyon ay nakapag-aambag sa paglalahad ng kahulugan ng idyoma kung kaya't naanalisa ng indibidwal ang kahulugan nito. Ikalawa, pagsusuri sa anyo at estruktura ng metapora sang-ayon sa konseptwal semantiks. Sa pamamaraang ito, inihanay ang mga metapora sa tatlong (3) bahagi ayon sa kayarian; ang (1) metaporikal na idyomang payak, (2) tambalang-konstruksyong metaporikal na idyoma, at (3) pariralang konstruksyong metapora upang masuri ang anyo ng mga ekspresyon. Kaalinsabay nito, inilalahad ang leksikal na kategorya ng bawat salita tulad ng pangngalan, pandiwa, at pang-uri kabilang din ang panlapi, pang-angkop, at pagbabagong morpoponemiko bilang pagsusuri sa estruktura ng mga metapora. Hinalaw ang mga metaporang sinuri sa web-entry nina Ponciano Santos at Roberto Añonuevo. Gayundin, ibinatay ang interpretasyon sa mga ito sa pagsusuri ng mananaliksik, sa ilang mga artikulo, at sa isang grupong-hambing na binubuo ng limang taga-tugon na mananalita ng wikang Filipino. Natukoy na ang mga metaporikal na idyomang sinuri na hinanay sa iba't ibang tema ay nauugnay lamang sa mga tao at ginagamit sa diskurso upang ilarawan ang emosyon, gawi, kakayahan, katangian, kaanyuan, pag-iisip, at kapintasan ng mga ito. At bilang may semantik na kaibahan sa bawat wika na sumasalamin sa kultural na kaibahan, ang mga idyomang sinuri ay may metaporikal na kahulugan lamang sa wikang Filipino.

Mga Susing Salita

idyoma
diskurso
metapora
leksikal semantiks
konseptwal semantics

Katugunang May-akda

Lheris May R. Ople
lheris.ople@dlsu.edu.ph

Natanggap: Pebrero 21, 2024

Nirebisa: Mayo 14, 2024

Tinanggap: Hunyo 25, 2024

Nailimbag: Hulyo 30, 2024



Idiomatic Expressions in Filipino Language: Analysis of Metaphors Used in Everyday Discourse

Lheris May R. Ople

Integrated School, De La Salle University

ABSTRACT

One significant aspect of Filipino communication is the use of idioms as an expression to convey messages figuratively. It is rooted in Filipinos' longstanding filial values of fellowship and humility. This article will discuss broadly the cultural relationship and implications of idiomatic expressions in the Filipino language through descriptive analysis of the thirty-two (32) idioms recognized as frozen metaphors. The study was conducted with the use of two methods of analysis: first, through lexical semantics by examining the way of expressing the meaning or undertone of the metaphors. This method describes the nature of expressions based on four (4) themes identified as (1) plants, (2) objects, (3) animals, and (4) parts of the body. Similarly, the decompositional perspective on idioms was used to significantly interpret the meaning of each idiom as this states that each word or element comprising the metaphorical expression contributes to the interpretation of the idiom, thus allowing for individual analysis of its meaning. Second, analysis of the form and structure of metaphors utilizing conceptual semantics. The metaphors were classified into three (3) divisions according to structure; (1) simple metaphorical idiom, (2) compound-construction metaphorical idiom, and (3) metaphorical phrase construction to analyze the form of expressions. In addition to these, taken into consideration in the analysis of the metaphors are the lexical categories of each word, whether they act as a noun, verb, or adjective with the addition of suffixes, conjunctions and modifiers, and morphophonemic changes. The metaphors analyzed were drawn from the web-entry of Ponciano Santos and Roberto Añonuevo. Furthermore, interpretations of each metaphorical idiom were grounded in the researcher's analysis, several articles, and the comparative-group composed of five respondents who are speakers of the Filipino language. It was identified that the metaphorical idioms analyzed, aligned with various themes, are only related to people and used in discourse to illustrate emotions, habits, abilities, characteristics, appearances, thoughts, and imperfections. Due to semantic differences in each language reflecting cultural distinctions, the idioms analyzed only hold metaphorical meanings in the Filipino language.

Keywords

idioms
discourse
metaphors
lexical semantics
conceptual semantics

Corresponding Author

Lheris May R. Ople
lheris.ople@dlsu.edu.ph

Received: February 21, 2024

Revised: May 14, 2024

Accepted: June 25, 2024

Published: July 30, 2024

Panimula

Inilalarawan ng wikang Filipino ang mayamang kultura ng Pilipinas mula sa maunlad na estruktura, mekanismo, at panitikan nito hanggang sa paraan ng pakikipagtalastasan ng mga Pilipino. Bilang kaugat ng katutubong karunungan, makikita ang malaking pagpapahalaga ng mga Pilipino sa pakikipag-ugnayan kung kaya mapapansing matalinghaga o hitik sa pahiwatig ang paraan ng kanilang pakikipagtalastasan. Tinukoy ng Wikipedia (2016) na nauugat sa pinagsanib na salitang “nakataling hiwaga” ang talinghaga na nagpapahiwatig na may hindi literal na kahulugan sa likod ng mga pahayag na isinasaad ng mananalita. Kaugnay nito, inilahad ni Maggay (2002) sa kaniyang pag-aaral na ang pagdiriin sa dimensyon ng pahiwatig bilang himaton — pagpapahayag na malaki ang ginagampanang papel ng hinuha o sapantaha — ay batay sa napakataas na antas ng di-pagtiyak na pangunahing katangian nito. Ang pagkalahis nito ay dala nang maingat na pagsasaalang-alang sa kinakausap at sa kahalagahang ibinigay sa pagpapanatili ng mahinusay na pakikitungo sa isa’t isa. Ang salitang-ugat na “hiwatig” ay nagmula sa sinaunang Tagalog na tumutukoy sa paraan ng paghahatid ng nararamdaman at kaisipan ng isang tao sa pamamagitan ng pagliligoy sa pagpapahayag. Maiuugnay mula rito ang katalusan sa paggamit ng mga idyoma o metaporikal na ekspresyon ng mga Pilipino upang hindi lantarang mailahad ang mensahe ng pahayag salig sa konsepto ng pakikipagkapwa. Sa ganang ito, nagiging karaniwan sa kanila ang paggamit ng mga metaporikal na ekspresyon sa pakikipagtalastasan na tumutungo sa kakulangan ng kanilang pagbibigay-pansin sa metaporikal na halaga ng mga pahayag na tinatawag nina Wingfield at Titone (1998, binanggit ni Gaitan-Bacolod, 2010) bilang “frozen metaphor”. Kalimitan pa, ginagamit na lamang ng indibidwal ang mga idyoma batay sa kung paano ito ginamit at naunawaan sa kinabibilangan niyang komunikasyon. Kung kaya naman hindi maitatatwa na nagiging limitado o umiikot lamang ang mga ginagamit na idyoma sa diskursong Pilipino sa kabila ng maraming bilang ng ekspresyong ito sa wikang Filipino. Higit pa rito, maoobserbahan ding unti-unti na itong nalulusaw sanhi nang mabagal na intelektuwalisasyon ng wikang Filipino at malaking impluwensiya ng midya at teknolohiya sa komunikasyon. Mula rito, maituturing bang angkop sa konteksto ang paggamit ng mga Pilipino ng metaporikal na ekspresyon sa kanilang pakikipagtalastasan? Sapat ba ang kabatiran ng mga ito sa kahulugan ng mga idyoma tungo sa epektibong paggamit nito sa komunikasyon?

Pinagtitibay ng naunang kaisipang inilahad hinggil sa gawing pangkomunikasyon ng mga Pilipino ang kaisipang isinaad nina Glucksberg at McGlone (2001; binanggit ni Ahmadi at Rafatbakhsh, 2019) na ang paggamit ng mga idyomatikong ekspresyon sa pakikipagtalastasan ay nagpapahiwatig at sumasalamin sa kultura partikular sa mga kaugalian, paniniwala, ugali, at emosyong panlipunan. Sa ganang ito, anong mga kaisipan ang nais ipahiwatig ng mga mananalita sa wikang Filipino gamit ang mga metaporikal na ekspresyon? Paano ito sumasalamin sa kultura at kumakatawan sa kaisipan at damdamin ng mananalita?

Upang mabatid ang pahiwatig at ugnayang kultural ng mga idyomatikong ekspresyon sa wikang Filipino, deskriptibong susuriin sa papel na ito ang mga idyomatikong ekspresyong kalimitang naririnig at ginagamit sa araw-araw na diskurso. Kinilala ang mga idyomang ginamit sa pag-aaral bilang salita o parirala na mayroong pahiwatig o ibang kahulugan liban sa literal na interpretasyon ng salita (Bortfield, 2003, at Ayers, 2015) at bilang mga pahayag na hindi tuwirang tumutukoy, sadyang lumilihis sa literal na kahulugan at sa tuntuning pambalarila, maaaring tambalang-salita na nakalilikha ng panibagong kahulugan (Arrogante, 2009). Nang

mailahad ang mga kahulugan, implikasyon at paraan ng paggamit ng mga ito sa diskurso sa wikang Filipino, magbibigay-diin ang pagsusuri sa aspetong semantika. Ayon kina Paz et al. (2003) ang disiplinang ito ng linggwistiks ay tuon sa pag-aaral ng kahulugan ng wika. Kaugnay nito, isinaad ni Gonzales-Garcia (1999) sa kaniyang aklat na *Makabagong Grammar sa Filipino*, ang semantika bilang sentro ng pag-aaral ng isip ng tao, proseso ng pag-iisip, kognisyon, at konseptwalisasyon na magkakaugnay sa pag-uuri't pagpapahayag ng ating karanasan sa daigdig sa pamamagitan ng wika. Layon ng pag-aaral na mailahad ang linguistic analysis hinggil sa mga metapora sa wikang Filipino sa pamamagitan ng pagsuri sa aspetong semantika kung kaya naman tuon nito ang uri ng metaporang tinukoy ni Barayuga (1995; binanggit ni Gaitan-Bacolod, 2010) na metaphorical idioms o pawang mga ekspresyon na may iisang wastong pahiwatig at interpretasyon dahilan sa karaniwan ito sa talastasang Pilipino. Nang matugunan ang layuning ito, magsisilbing gabay sa paglalahad ng linguistic analysis hinggil sa paggamit ng mga idyoma ang sumusunod na katanungan ng pag-aaral:

1. Ano-ano ang mga metaporang malimit na ginagamit sa diskursong Pilipino?
2. Ano ang kaligiran ng mga natukoy na kahulugan ng mga metaporikal na idyoma?
3. Paano ginagamit ang mga metaporikal na idyoma upang ipahatid ang damdamin at kaisipan ng mga mananalita?
4. Ano-ano ang mga anyo at estruktura ng mga metaporikal na idyoma na nakatutulong sa pag-unawa ng kahulugan ng ekspresyon?
5. Paano sumasalamin ang paggamit ng metapora sa kulturang Pilipino?

Pamamaraan

Ang pagsusuri na ito ay isinagawa sa pamamaraang deskriptibo dahil tinutugunan nito ang mga natukoy na suliranin at layunin ng pag-aaral. Lapat ang pamamaraang ito, linggwistikal na susuriin ang paraan ng paggamit ng idyoma sa araw-araw na diskurso sa wikang Filipino sa pamamagitan ng paglalarawan sa mga natipong frozen metaphor mula sa grupong-hambingan (Reyes-Otero et al., 2002) na tumugon sa talatanungang likha ng mananaliksik at sa sinaligan nitong preliminaryong pag-aaral na isinagawa ni Mary Ann Gaitan-Bacolod taong 2010 na pinamagatang “Ang Metapora sa Wikang Filipino: Isang Descriptive na Pag-aaral sa Metaporang Ginagamit sa Pang-araw-araw na Diskurso”.

Sinipat ang kaangkupan ng pag-aaral na isinagawa ni Bacolod (2010) sa kasalukuyang diskurso sa wikang Filipino sa pamamagitan ng muling pagsusuri sa mga inilahad niyang metapora. Nang mailapit sa kasalukuyang diskurso ang mga metapora, pinaunlad ang tala ng mga entry sa pamamagitan ng paghalaw sa mga web-entry nina Roberto Añonuevo na “Idyoma, Talinghaga at Tayutay sa Komunikasyon ng mga Filipino” na ipinaskil noong ika-28 Hulyo, 2008 at Ponciano Santos na “Idyoma o Salawikain” na ipinaskil naman noong ika-8 ng Agosto, 2020. Hinalaw sa mga ito ang mga idyoma dahilan sa tumabo ito nang malaking bilang ng mga mambabasa. Kung saan, tinatayang 3,837,694 ang nakabasa ng nabanggit na paskil ni Santos samantalang 4,336,931 naman ang kay Añonuevo na huling sinipat noong Marso taong 2024. Mahalagang salik ding binigyang-pansin ay ang impluwensya ng mga manunulat sa wikang Filipino kung saan kapwa nakilala ang mga ito bilang guro na nagbigay nang malaking kontribusyon sa wikang Filipino. Si Santos ay isang retiradong guro na aktibo sa pagpapaskil ng mga leksyon at blog onlayn na pawang pumapaksa sa wika at panitikang Filipino.

Samantala, si Añonuevo ay kilala sa kaniyang mga akademikong saliksik kaugnay ng mga usaping pang-wika, pagsusulong ng mga wika sa bansa, pagpapalaganap ng kultura at pagkakakilanlang Pilipino sa pamamagitan ng kaniyang mga katha, at naging pinuno ng mga ahensya at organisasyon na nagtataguyod ng mga wika sa bansa.

Isinagawa ang pagsusuri sa mga metaporikal na idyoma sa tulong ng isang grupong-hambingan na binubuo ng limang taga-tugon na pawang mga guro sa Filipino ng isang pribadong paaralan sa Biñan, Laguna. Gamit ang checklist, ipinatukoy sa mga ito ang mga idyoma na malimit nilang ginagamit at naririnig sa mga pang-araw-araw na diskurso sa Filipino. Gayundin, ipinasuri ang kaangkupan ng kahulugan ng bawat entry tungo sa makabuluhang pagtalunton ng kahulugan ng bawat idyoma. Sa parehong talatanungan, pinahintulutan din ang mga taga-tugon na makapaglista ng idyomang kanilang naririnig at ginagamit sa pakikipagtalastasan na hindi napabilang sa naunang tala maging ang pagbibigay ng kanilang sariling pagpapakahulugan sa mga idyoma na hindi nailahad sa talatanungan. Dagdag pa rito, hininging mailahad ng grupong-hambingan ang kanilang paraan at dahilan ng paggamit ng mga natukoy na metaporikal na idyoma upang makabuluhang matalakay ng mananaliksik ang kultural na ugnayan ng paggamit ng mga ekspresyon sa diskursong Pilipino.

Ang nalikom na mga datos ay itinuturing bilang frozen methapor na sinuri sa dalawang kaparaanan. Una, pagsipat sa mga paraan ng pagpapahayag ng kahulugan o pahiwatig ng mga metapora ayon sa leksikal semantiks na binigyang kahulugan ni Cruse (2001) bilang sangay ng linggwistika na may kinalaman sa sistematikong pag-aaral ng mga kahulugan ng salita. Tinutugunan nito ang pagsusuri sa metapora sa paraang (a) paglalarawan ng kahulugan ng mga salita at (b) pagsasaalang-alang sa pagkakaiba-iba ng kahulugan mula sa konteksto tungo sa konteksto. Gayundin, dahilan sa itinuturing nina Kovecses at Szabco (1996; binanggit ni Ahmadi at Rafatbakhsh, 2019) ang mga idyomatikong ekspresyon na mayroong estruktura't organisasyon at nahahanay ang malaking bilang sa mga metapora na may iba't ibang tema, inihanay ng mananaliksik ang mga natipong metaporikal na idyoma sa apat na tema sang-ayon sa tinukoy nina O'Dell at McCarthy (2010). Kinilala ang mga temang ito bilang sumusunod: (1) halaman, (2) bagay, (3) hayop at (4) bahagi ng katawan. Nang makabuluhang mabigyang pagpapakahulugan ang mga metaporikal na idyoma, sinipat ng mananaliksik ang bawat elementong bumubuo sa mga ekspresyon at isinalig ang interpretasyon nito sa mga tugon ng grupong-hambingan, mga artikulo, at personal na pananaw. Binigyan ng semantikang pagpapakahulugan ang mga ekspresyong ito salig sa pananaw na ibinahagi ni Liu (2012) hinggil sa idyoma bilang dekomposisyonal na nagsasaad na ang bawat salita o elementong bumubuo sa metaporikal na ekspresyong ito ay nakapag-aambag sa paglalahad ng kahulugan ng idyoma kung kaya't naanalisa ng indibidwal ang kahulugan nito. Gayundin, isinaalang-alang ang inilahad ni Ayres (2015) na pagsusuri at pag-unawa sa kultural at historikal na kaligiran ng bansa tungo sa makabuluhang pagbibigay ng kahulugan sa ekspresyon.

Ikalawa, pagsusuri sa anyo at estruktura ng metapora sang-ayon sa konseptwal semantiks na tinukoy ni Jackendoff (1976) na nagbibigay-diin sa pangunahing konsepto at anyo ng salita o pangungusap sa pamamagitan ng paglalarawan ng conceptual elements at pagtalakay sa semantikong representasyon ng mga salita tungo sa pag-unawa ng tao. Sa ganang ito, inihanay ang pagsusuri sa anyo ng metapora sa tatlong bahagi (1) metaporikal na idyomang payak, (2) tambalang-konstruksyong metaporikal na idyoma, at (3) pariralang konstruksyong metaporikal na idyoma. Samantala, ang pagsusuri naman ng estruktura ng mga

salita ay nagbigay-diin sa leksikal na kategorya ng bawat salita tulad ng pangngalan, pandiwa, at pang-uri kabilang ang panlapi, pang-angkop at pagbabagong morpoponemiko.

Etikal na konsiderasyon

Ang pag-aaral na ito ay nagbigay ng etikal na konsiderasyon sa mga guro sa Filipino na kasangkot sa pag-aaral. Tininyak ng mananaliksik ang kanilang boluntaryong paglahok sa isinagawang sarbey, ikinubli at pinanatiling kumpidensyal ang lahat ng mga datos na nakalap mula sa mga ito.

Ipinaliwanag ng mananaliksik sa grupong-hambing ang layunin ng pag-aaral at naipaunawa sa mga ito ang kabuluhan ng kanilang matapat na pagtugon sa talatanungan. Pinangalagaan ang kanilang mga personal na impormasyon at identidad sa pamamagitan ng pag-aalis ng kanilang mga pangalan, institusyong kinabibilangan at hindi tuwirang pagtukoy sa bayang pinagmulan ng bawat isa.

Tininyak ng mananaliksik na maibatay lamang ang mga sinuring metaporikal na idyoma at ang kaangkupan ng kahulugan ng mga ito sa kasalukuyang diskurso sa nalikom na tugon ng grupong-hambing. Matapos ang isinagawang pag-aaral, ipinabatid sa grupong-hambing ang kabuuang resulta ng pagsusuri at ikinonsulta sa mga ito ang pagbanggit sa papel ng kanilang pakikisangkot.

Resulta at Diskusyon

Pagsipat sa wika ng mga Idyoma

Sa pagsipat ng mga metaporikal na idyoma sang-ayon sa leksikal semantiks, maisasaalang-alang ang isinaad ni Vega-Moreno (2002) na ang kahulugang idyomatiko at anyong linggwistiko ng karamihan sa idyomatikong ekspresyon ay kadalasang hindi ganap na arbitraryo. Kung kaya naman ginamit bilang lente ang dekomposisyonal na pananaw ni Liu (2012) sa idyoma upang makabuluhang mabigyang kahulugan ang mga metaporikal na idyoma sa bahaging ito. Gayundin, kinilala ang kaisipan nina O'Dell at McCarthy (2010; binanggit ni Ahmadi at Rafatbakhsh, 2019) hinggil sa pagkakaroon nang malawak na hanay ng mga idyoma na nauugnay sa mga tema ng kalikasan, hayop, bahagi ng katawan, palakasan, partikular na pangalan, pagkain, kulay, at lahat ng pandama na ginagamit upang ilarawan ang personalidad, hitsura, trabaho, isyu sa kalusugan, at marami pa. Sang-ayon sa kaisipang ito, inihanay ang pagsusuri sa mga metaporikal na idyoma ayon sa apat na tema ang (1) halaman, (2) bagay, (3) hayop, at (4) bahagi ng katawan.

Talahanayan 1

Mga Metaporang gumagamit ng Halaman sa Pagpapahayag ng Kahulugan

Balat-sibuyas	Maramdamin, sensitibo
Dagtang-papaya	Iyakin
Nagmumurang-kamatis	Matandang kumikilos/nag-aayos binata o dalaga
Putok sa buho	Anak sa labas, ampon, walang magulang
Amoy-tsiko	Amoy alak

Sa unang tema na metaporikal na idyomang gumagamit ng halaman sa pagpapahayag ng kahulugan ay nakapagtala ng limang (5) ekspresyon. Una, *balat-sibuyas* na nangangahulugang maramdamin o sensitibo. Ang pagpapakahulugan sa idyomang ito ay naiugnay sa katangian ng nabanggit na halamang-gulay na madaling magbigay ng reaksiyon sa sandaling magayat ito bilang bahagi ng pansariling *defense mechanism* upang protektahan ang pagkasira ng sariling *cells*. Ang mga kemikal na reaksiyon na inilalabas nito ay madaling sumingaw at makaabot sa mata na nagdudulot ng pagkairita o pagsakit nito kung kaya naman maglalabas ng luha ang mata upang maalis ito. Upang maiwasan ang sensitibong reaksiyong naidudulot ng sibuyas, kinakailangan ng iba't ibang estilo at maingat na pagkilos sa pagbabalat o paghiwa nito. Bagay na idinidikit sa indibidwal na madaling magbigay reaksiyon, masaktan, o sensitibo kahit sa maliit na bagay. Maiiugnay ang idyomang ito sa ikalawa, ang *dagtang-papaya* na nangangahulugang iyakin. Isang katangian ng papaya ang pagkakaroon ng maraming dagta mula sa pagkakahango sa puno hanggang sa paghihiwa nito na siyang inilalapit sa isang tao na mayroong mababaw na luha o mabilis umiyak mula sa simpleng pagkanti. Ikatlo, *nagmumurang-kamatis* na nangangahulugang matandang nag-aayos o kumikilos dalaga o binata. Ang pagpapakahulugan sa idyomang ito ay naiiugnay sa katangian ng nabanggit na halamang-prutas na patuloy na iniaalok o ibinebenta sa pamilihan bagaman pilit sa hinog o nahihinog pa lamang. Nailalapit dito ang mga matatanda na “umaaktong nahihinog” o pilit nag-aayos at kumikilos nang hindi angkop sa edad. Ikaapat, *putok sa buho* na nangangahulugang anak sa labas, ampon, o indibidwal na hindi kilala ang magulang. Ginamit ang katangian ng pagtubo ng pananim na buho sa pagbibigay ng metaporikal na kahulugan sa idyoma bilang ito ay isang halaman na biglaang sumusulpot o tumutubo nang walang tiyak na pinanggalingan na iniugnay sa anak na bigla na lamang dumating sa buhay ng isang pamilya. Kung kaya naman ang pagpapakahulugan ito ay inilapit sa anak sa labas na tumutukoy sa anak na bunga ng pagtataksil o anak sa pagkadalaga’t binata ng magulang na ibinilang sa panibagong pamilya at ampon bilang taong kinupkop o kinakalinga bagaman hindi ito tunay na supling o kapamilya. Ikalima, *amoy-tsiko* na nangangahulugang amoy alak. Isang katangian ng halamang-prutas na ito ang pagiging makatas sa bibig habang kinakain kung kaya’t nag-iiwan ito nang matapang na amoy sa hininga ng taong kumain. Idinidikit ang amoy nito sa serbesa kung kaya’t inilalarawan ang isang taong lasing o naka-inom bilang amoy-tsiko sanhi ng pagkakaroon ng parehong amoy sa hininga ng pagkonsumo ng alak at tsiko. Mula sa paglalahad ng kahulugan ng unang tema ng mga metaporikal na idyoma, ginamit ang katangian ng mga halaman upang ilarawan ang emosyon, gawi, at buhay ng tao.

Talahanayan 2

Mga Metaporang gumagamit ng Bagay sa Pagpapahayag ng Kahulugan

Nakalutang sa ulap	Labis na saya
Basa ang papel	Hindi mapagkakatiwalaan
Nagbibilang ng poste	Walang trabaho
Butas ang bulsa	Walang pera
‘Di makabasag pinggan	Mahinhin
Itaga sa bato	Isinusumpa
Nagbubuhat ng sariling bangko	Nagyayabang
May gintong kutsa sa bibig	Isinilang na mayaman

Samantala sa ikalawang tema, naitala ang walong (8) metaporikal na idyomang gumagamit ng bagay sa pagpapahayag ng kahulugan na malimit na ginagamit sa araw-araw na diskurso. Una, *nakalutang sa ulap* na nangangahulugang labis na saya. Ang ulap na nasa atmospera ay may napakataas na lokasyon mula sa lupa kung kaya naman hindi ito karaniwang maabot ng tao. Ang pagitan na ito ay ginamit bilang batayan ng pagpapakahulugan sa metapora mula sa pagsasaad na nasusukat ang emosyong nadarama ng tao, ginamit bilang batayan ang ulap upang tukuyin ang mataas na punto ng kasiyahan nito. Ikalawa, *basa ang papel* na nangangahulugang hindi mapagkakatiwalaan. Sa metaporang ito, ginamit ang papel upang tukuyin ang reputasyon ng tao na inilarawan bilang basa na samakatuwid ay sira o lantad na ang pagkatao sanhi ng nagawang pagkakamali. Ikatlo, *nagbibilang ng poste* o nangangahulugang walang trabaho. Bilang ang poste ay nakikita sa kalsada, iniugnay ito sa taong walang tiyak na pinagkakaabalahan at madalas na ginugugol ang oras sa pagtambay sa kalsada at nagmumuni-muni. Ikaapat, *butas ang bulsa* na nangangahulugang walang pera. Ang bulsa na kalimitang lagayan ng pera ay inilarawan bilang butas upang tukuyin ang kawalang laman nito. Ikalima, *'di makabasag pinggan* na nangangahulugang mahinhin. Ang pamamaraan ng pagkilos ng tao ay inugnay sa paggamit ng pinggan na nangangailangan nang marahan o maingat na pagkilos upang hindi mabasag dahil sa katangian nitong marupok. Ikaanim, *itaga sa bato* na nangangahulugang isinusumpa. Ang katangian ng bato na matibay ay inilalapat sa pahayag ng tao na hindi mababali. Gayundin, iniugnay ang pagpapakahulugan sa metaporang ito sa panahon ni Moises na itinaga sa bato ang utos ng Diyos na nagpapakita na kailanman ay hindi ito kukupas at kinakailangang sundin. Ikapito, *nagbubuhay ng sariling bangko* na nangangahulugang nagyayabang. Isinasaad na ang bangko bilang luklukan ay nagdadala ng bigat at nagdudulot ng kaginhawaan sa tao. Ang gamit ng bagay na ito ay naiugnay sa pag-uugali ng tao na tinukoy bilang mayabang sa pagdadala nito ng sariling bigat na gayundin ay maaring magbigay ginhawa sa sarili. At ikawalo, *may gintong kutsara sa bibig* na nangangahulugang mayaman. Ang pagkakaroon ng ginto ay maituturing na isang pribilehiyo, sa idyoma iniugnay ito sa kutsara na isang kasangkapang ginagamit sa pagkain at nagsasaad ng kakayahang matikman o makuha ang gusto dahil sa tinatamang pribilehiyo. Mula sa mga nailahad na metaporikal na idyoma sa temang ito, makikita na ginamit ang kabuluhan o paggamit ng mga bagay upang ilarawan ang pamumuhay, pag-uugali at pagkakakilanlan ng tao.

Talahanayan 3

Mga Metaporang gumagamit ng Hayop sa Pagpapahayag ng Kahulugan

Baboy	Mataba, salaula
Ahas	Taksil
Tigre	Masungit, matapang
Buwaya	Kurakot
Lakad-pagong	Mabagal
Kutong-lupa	Maliit, Nakakainis
Tulog-manok	Mababaw ang tulog
Matang-lawin	Matalas ang mata
Basang-sisiw	Kaawa-awa
Kapit-tuko	Mahigpit ang pagdikit

Naitala naman ang sampung (10) idyoma sa ikatlong tema na mga metaporang gumagamit ng hayop sa pagpapahayag ng kahulugan. Una, *baboy* na mayroong dalawang pagpapakahulugan ang (a) mataba na ibinatay sa pisikal na kaanyuan ng hayop bilang isinasaad na ang pag-aalaga nito ay ang pagpapataba o pagpapalaki rito at ang (b) salaula na ibinatay naman sa paraan ng pamumuhay ng hayop dahil karaniwan itong nakikitang marumi. Maisasandig ang mga pagpapakahulugang ito sa pagtutukoy ng hayop na ito sa bibliya bilang marumi dahilan sa hindi ito ngumunguya ng pagkaing mula sa sikmura. Naibibilang ito sa *monogastric* na hayop na may isang bahagi lamang ng tiyan at agad na tinutunaw ang kinakain nila. Dahilan sa mabilis na pagkatunaw nito, hindi nakukuha ng baboy ang sustansiyang kailangan nito kung kaya't likas dito ang pagkain ng kahit na ano na nagreresulta sa mabilis na pagtaba o paglaki nito. Ikalawa, *ahas* na nangangahulugang taksil. Ang kakayahan ng hayop na ito na kumilos nang tahimik at makapanuklaw nang hindi inaasahan ay inihahambing sa tao na kayang makagawa nang masama sa likod ng kapwa nang hindi kapansin-pansin. Ikatlo, *tigre* na mayroong dalawang kahulugan (a) masungit na ibinatay sa katangian ng hayop na mailap at kakayahang mamuhay mag-isa samantala ang kahulugang (b) matapang ay ibinatay naman sa katangian nitong mabagsik, agresibo, at kakayahang makipaglaban nang mag-isa. Ikaapat, *buwaya* na nangangahulugang kurakot. Ibinatay ang pagpapakahulugan sa metaporang ito sa katangian ng hayop na sakim at masiba kaugnay ng pisikal na kaanyuan nito na mayroong malaking bibig at kakayahang kainin nang buo ang naisin. Iniuugnay ang konseptong ito sa taong higit na iniisip ang sariling kapakinabangan at kasiyahan. Ikalima, *lakad-pagong* na nangangahulugang mabagal. Sa pagbibigay ng metaporikal na kahulugan sa idyomang ito, ginamit ang katangian ng hayop upang ilarawan ang kilos ng tao. Isinasaad na ang mabagal na paggalaw ng hayop na ito ay sanhi ng malaking shell at maliit na paa nito na nakaapekto sa kaniyang pagkilos. Ikaanim, *kutong-lupa* na mayroong dalawang kahulugan (a) maliit na ibinatay sa pisikal na kaanyuan ng hayop at (b) nakakainis na ibinatay naman sa reaksiyong dala ng pamiminsala ng pesteng ito sa tao. Ikapito, *tulog-manok* na nangangahulugang mababaw ang tulog na ibinatay ang pagpapakahulugan sa katangian ng hayop na mayroong magaang pagpikit sa pagtulog at mabilis na pagdilal sa pagkakataong makadama ng kilos sa paligid. Ikawalo, *matang-lawin* na nangangahulugang matalas ang mata na ibinatay ang pagpapakahulugan sa katangian ng hayop na mayroong malinaw na mata kaugnay ng pagpapalit-palit ng kulay nito na pangunahing kasangkapan upang makahanap ng daragiting makakain. Iniuugnay ang konseptong ito sa mga taong mayroong mapanuring paningin at nakikita kahit ang mga munting bagay higit sa paghahanap. Ikasiyam, *basang-sisiw* na nangangahulugang kaawa-awa. Ginamit ang pisikal na kaanyuan ng basang hayop na ito upang ilarawan ang abang kalagayan ng tao. Kapag ito'y nababasa, maliwanag na makikita sa mga mata nito ang paghihingalo, umaatungal din ito dahil sa hindi makayanang lamig sapagkat ang kanilang mga balahibo na nagbibigay ng init sa kanila ay dumikit sa kanilang katawan dahilan upang makita ang munti nitong pangangatawan. At huli, *kapit-tuko* na nangangahulugang mahigpit ang pagdikit. Ibinatay ang pagpapakahulugan sa metaporang ito sa kakayahan ng hayop na makakapit nang mahigpit dulot ng katangian ng paa nito na mayroong *setae* na nakatutulong sa kaniyang pagkapit higit upang mamuhay at makakuha ng pagkain gamit ang dila sa anumang posisyon. Ang konseptong ito ay inugnay sa mga taong kumakapit o dumidikit nang mahigpit sa iba na pinakikinabangan nito. Sa ikatlong temang ito ng mga metaporikal na idyoma, ginamit ang mga katangian, pisikal na kaanyuan, at kakayahan ng hayop upang ilarawan ang kapintasan, kilos, pag-iisip, kalagayan at kaugalian ng tao.

Talahanayan 4

Mga Metaporang gumagamit ng Hayop sa Pagpapahayag ng Kahulugan

Mahapdi ang bituka	Nagugutom
Mahina ang ulo	Bobo
Makapal ang mukha	Walang hiya
Bukas-palad	Matulungin
Malikot ang kamay	Magnanakaw
Makati ang paa	Gala
Magsunog ng kilay	Mag-aral nang mabuti
Mainit ang mata	Tuon ng atensyon
Narungisan ang mata	Nakagawa ng krimen

At huli, mga metaporang gumagamit ng bahagi ng katawan sa pagpapahayag ng kahulugan na mayroong siyam (9) na naitalang idyoma. Una, *mahapdi ang bituka* kung saan idinikit ang gampanin ng bahagi ng katawan upang bigyang-kahulugan ang idyoma na nagugutom. Bilang bahagi ng natural na proseso ng katawan, naglalabas ng *acid* ang sikmura upang ihanda ang tiyan sa pagtanggap ng pagkain at pagpoproseso ng mga natirang pagkain upang panatilihin ang normal na *pH level* sa tiyan. Sa pagkakataong ang tiyan ay walang laman o walang pagkain na pumapasok sa loob ng ilang oras, ang pagpapalabas ng *acid* ay maaaring magdulot ng sensasyon ng hapdi o kirot sa tiyan. Bagay na hindi arbitraryo sa kahulugan ng metapora na mahapdi ang bituka. Ikalawa, *mahina ang ulo* na nangangahulugang bobo. Malaking bahagi ng ulo ng tao ang utak na sentro ng pagganap at pagtugon sa pangangailangan nito kung kaya naman inilarawan sa idyomang ito ang ulo bilang mahina na naiuugnay sa paraan ng pagtanggap at pagpoproseso ng impormasyon. Isinasaad na ang taong mayroong mahinang ulo ay mabagal sa pagproseso ng natanggap na impormasyon ng utak kung kaya naman hindi ito agad nakatutugon o nakagaganap ayon sa kahingian. Ikatlo, *makapal ang mukha* na nangangahulugang walang hiya, inilarawan sa metaporang ito ang mukha ng tao bilang makapal kung kaya't hindi ito maapektuhan ng anumang sitwasyon. Ikaapat, *bukas-palad* na nangangahulugang matulungin. Ibinatay ang pagpapakahulugan sa metaporang ito sa postura ng kamay na inilarawan bilang bukas na nagpapahiwatig ng handang pagtulong. Ikalima, *malikot ang kamay* na nangangahulugang magnanakaw. Binigyang paglalarawan sa metaporang ito ang kamay bilang malikot na nangangahulugang hindi mapakali at maituturing na hindi kaaya-ayang kilos sapagkat ang bawat paggalaw nito ay iniuugnay sa paghawak ng mga bagay na nais nitong damhin na tumutungo sa pagtatabi at pagkuha rito. Ikaanim, *makati ang paa* na nangangahulugang gala. Ang salitang makati ay nagpapahiwatig ng masidhing damdamin ng pagkilos na iniuugnay sa taong hindi mapalagay sa isang lugar. Gayundin, ibinatay ang pagpapakahulugan sa metaporang ito sa resulta o pakiramdam ng paa kapag ang tao'y palaging nasa kalsada kung saan nakukuha ang mga mikrobyo na nagdudulot ng pangangati. Ikapito, *magsunog ng kilay* na nangangahulugang mag-aral nang mabuti. Ipinagpapalagay na ang idyomang ito ay isinalig sa konsepto ng pag-aaral noong unang panahon na wala pang kuryente at tanging gasera lamang ang gamit bilang ilaw. Mula sa limitadong liwanag na nakukuha ay naisusubsob ng tao ang mukha sa pag-aaral na halos kapantay ng gasera ang kilay na maaring dilaan ng apoy sa lapit. Ikawalo, *mainit ang mata* na nangangahulugang tuon ng atensyon. Ang mata ay inilarawan bilang mainit na ibinatay sa tensyon na naibibigay ng tuon na pagtingin sa indibidwal na nagpapahiwatig ng

masidhing damdamin. Ikasiyam, *narungisan ang kamay* na nangangahulugang nakagawa ng krimen. Inilarawan ang kamay sa metaporang ito bilang marumi na nangangahulugang kasalanan. Itinuturing ang taong nakagawa ng pagkakamali bilang walang moralidad at hindi napapatawad. Ang kamay na may kakayahang pandama ay tinutukoy na nakahawak ng isang bagay na nagamit upang makagawa ng pagkakamali ang tao na nag-iiwan ng dumi sa kaniyang reputasyon. Sa ikaapat na tema, binigyang kahulugan ang mga idyoma batay sa bawat gampanin ng mga bahagi ng katawan upang matukoy ang kakayahan at kalagayan ng tao gayundin ang paglalarawan ng pag-uugali at kilos nito.

Pagsusuri sa Anyo at Estrukturang ng Idyoma

Sa pag-aaral ng gramatika, natuklasan ni Deignan (2005; binanggit ni Gemmell, 2015) ang pagsusuri ng kahulugan ng iba't ibang metaporikal na ekspresyon ay mahalagang maiugnay sa bahagi ng pananalita at inpleksiyonal na anyo ng salita upang mailahad ang wastong kahulugan nito. Kung kaya naman sa ikalawang yugto na ito ng pag-aaral ay sinuri ang anyo at estruktura ng mga metaporikal na idyoma. Gayundin, tinukoy ang leksikal na kategorya ng mga salitang bumubuo sa mga ito kabilang ang paglalapi, porma, at paggamit nito upang maulit ito ayon sa metaporikal na idyomang payak, tambalan, at parirala.

Talahanayan 5

Anyo at Estrukturang ng mga Metaporikal na Idyoma

Metaporikal na Idyomang Payak	Metaporikal na Idyomang Tambalan	Metaporikal na Idyomang Parirala
<i>Pangngalan</i>	<i>Pangngalan-Pangngalan</i>	<i>Pang-uri na Parirala</i>
Baboy	Balat-sibuyas	Putok sa buho
Ahas	Dagtang-papaya	Basa ang papel
Tigre	Kutong-lupa	Butas ang bulsa
Buwayan	Matang-lawin	Nakalutang sa ulap
	Amoy-tsiko	May gintong kutsara sa bibig
	<i>Pang-uri-Pangngalan</i>	Mahapdi ang bituka
	Basang-sisiw	Makapal ang mukha
	Nagmumurang-kamatis	Malikot ang kamay
	Bukas-palad	<i>Pandiwa Parirala</i>
		Nagbibilang ng poste
		Magsunog ng kilay
		'Di makabasang pinggan
		Nagbubuhay ng sariling bangko
		Itaga sa bato

Ang pagsusuri ng anyo ng mga metaporikal na idyoma ay nahahati sa tatlong hanay, una ang *Metaporikal na Idyomang Payak* na mayroong tala na apat (4) na ekspresyong

naipapahayag ang kahulugan sa pamamagitan ng pangngalan. Ito ang mga idyoma na kabilang sa tema ng hayop na tinukoy na baboy, ahas, tigre, at buwaya na nasa anyong salitang-ugat kaya't nakapagpapahayag ito ng kahulugan nang mag-isa. Samantala, maaari ring lagyan ng panlapi ang ilan sa mga metaporang ito at makapagpahayag ng panibagong kahulugan. Katulad na lamang ng baboy na maaring lakipan ng panlaping -in at mabubuo ang idyomang babuyin na nangangahulugang sirain o dumihan. Makikita rin mula rito ang pagkakaroon ng pagbabagong morpoponemiko mula sa pagpapalit ng ponemang o at u. Sumunod ang ahas, na maaring maging inaahas na nangangahulugang sinusulot o inaagaw. Sa metaporang ito, inilapat ang panlaping in- at nagkaroon ng reduplikasyon sa unang ponema na a. Sa kabilang banda, dahilan sa paglalapat ng mga panlapi ay hindi na napabibilang ang mga ekspresyong ito sa metaporang payak gayunpaman, nanatili ang mga ito bilang isang salitang metapora.

Ikalawa, ang konstruksyong *Metaporikal na Idyomang Tambalan* na mayroong tatlong pamamaraan ng estruktura: ang pangngalan-pangngalan na may talang limang metapora, pandiwa-pangngalan na mayroong tatlong metapora, at pang-uri-pangngalan na naihanay naman ang tatlo pang metapora sa kabuuang labing-isa (11). Ang mga metapora sa anyong ito ay binubuo ng konstruksyon ng dalawang salita upang maipahayag ang kahulugan. Gayunpaman, bibigyang-pansin sa anyong ito ang pagsusuri ng leksikal na kategorya ng bawat salita kaugnay ng konotasyong ipinararating nito. Sa konstruksyong pangngalan-pangngalan, naipabilang ang mga metaporang balat-sibuyas, dagtang-papaya, kutong-lupa, matang-lawin, at amoy-tsiko. Makikita sa mga idyomang kutong-lupa at matang-lawin ang pang-angkop na -ng na nagpapahayag ng pagtataglay nito ng pangngalan na nag-uugnay sa katangian ng katawan ng hayop na inilalapat sa anyo ng katawan ng isang tao. Samantala sa metaporang dagtang-papaya, ang pang-angkop na -ng ay ginamit upang iugnay ang katangian ng halaman sa kapwa nito pangngalan upang tukuyin ang katangian ng tao. Gayundin naman, napabilang sa konstruksyong pandiwa-pangngalan ang mga metaporang lakad-pagong, tulog-manok, at kapit-tuko. Ang mga pandiwang lakad, tulog, at kapit ay nagbibigay-turing sa pangngalan na pagong, manok, at tuko. At huli, naitala sa konstruksyong pang-uri-pangngalan ang mga metaporang basang-sisiw, nagmumurang-kamatis, at bukas-palad. Kung saan ang mga pang-uring basa, nagmumura, at bukas ay ginamit bilang pang-uring panlarawan na nagbibigay-turing sa pangngalang sisiw, kamatis, at palad. Kaugnay rin nito, makikita ang pagkakaroon ng pang-angkop na -ng ng metaporang nagmumurang-kamatis na ginamit upang iugnay ang katangian ng halaman sa pangngalan upang ilarawan ang kilos ng tao.

Ikatlo at huling anyo, ang *Metaporikal na Idyomang Parirala* na kinapapalooban ng malaking bilang ng mga idyoma at mayroong dalawang pamamaraan ng estruktura ang pang-uring parirala na mayroong labindalawang metapora at pandiwang parirala kung saan naitala ang lima pang metapora na sa kabuuan ay labing-pito (17). Bilang parirala, kalimitang nangangailangan na lamang ang konstruksyong ito ng simuno upang makapagpahayag ng isang ganap na pangungusap. Sa konstruksyong pang-uring parirala, naihanay ang mga metaporikal na idyomang Putok sa buho, Basa ang papel, Butas ang bulsa, Nakalutang sa ulap, May gintong kutsara sa bibig, Mahapdi ang bituka, Makapal ang mukha, Malikot ang kamay, Mahina ang ulo, Makati ang paa, Mainit ang mata, at Narungisan ang kamay. Mula sa mga ito, makikita na ang pang-uri ay gumanap bilang pang-uring panlarawan na nagbibigay-turing sa pangngalan upang maipahayag ang kahulugan ng mga idyoma. Gayundin

ang pandiwang parirala kung saan naitala ang mga metaporikal na idyomang Nagbibilang ng poste, Magsunog ng kilay, ‘Di makabasag pinggan, Nagbubuhay ng sariling bangko, at Itaga sa bato. Sa konstruksiyong ito, ang pagganap ng kilos ay ibinatay sa gamit, katangian at kabuluhan ng mga pangngalan upang mabigyang kahulugan ang mga metapora.

Pahiwatig ng Idyoma sa Kulturang Pilipino

Natalos mula sa mga metaporikal na idyomang nasuri na malalim na nakapaloob sa araw-araw na diskurso sa wikang Filipino ang paggamit ng mga metapora. Nagbigay ito ng pahintulot upang maipahayag ng mga mananalita ang mga kumplikadong kaisipan at emosyon na kanilang nais na iparating sa kapwa sa pamamagitan ng paghahambing. Inilahad sa bawat tema ng mga sinuring metaporikal na idyoma ang paraan ng pagkakagamit ng mga ekspresyon sa talastasan. Madadalumat mula rito na nagkakaunawaan ang mga Pilipino sa kanilang pakikipagtalastasan sa kabila ng matalinghagang konsepto ng kanilang komunikasyon. Nagmumula ang kakayahang ito sa kulturang Pilipino na tinukoy ni Maggay (2002) na mayroong mataas na antas ng pagbabahaginan na salig sa konseptong “high context culture” ni Hall (1976) na maiuugat sa kanilang mahabang tradisyon ng madalasang pakikipag-ugnayan at kasaysayan.

Ang kabuuang metaporikal na idyomang sinuri ay nauugnay lamang sa mga tao sapagkat ilan lamang ang mga ito sa malimit na ginagamit sa araw-araw na diskurso. Natalunton mula rito na nagamit ang katangian ng mga halaman, kabuluhan ng mga bagay, katangian, kakayahan, at kaanyuan ng mga hayop, at gampanin ng bahagi ng katawan upang ilarawan ang iba’t ibang aspekto ng buhay ng indibidwal. Mahalagang matiyak na nasa konteksto ang paggamit ng mga ekspresyon sapagkat tumutungo ito sa usaping moral. Kung kaya naman, kahingian ang malalim na paggagap sa kulturang Pilipino o sa mga bagay na may kinalaman sa kanilang interkultural na komunikasyon sapagkat mayroon itong natatanging sistema ng pagbibigay-kabuluhan. Ayon sa grupong-hambing, ang paggamit ng mga ito sa pakikipagtalastasan ay kaugnay ng kulturang Pilipino na kilala sa kaugaliang magalang, may kababaang-loob, at pakikisama. Likas sa mga Pilipino ang paggamit ng mga ekspresyong ito upang mapanatili ang mabuting pakikitungo at paghahatid ng simpatya sa kausap bilang karamihan sa mga ito ay nagsasaad ng negatibong kahulugan na makasasakit ng damdamin ng kapwa. Mataas ang pagpapahalaga sa pakikipagkapwa ng mga Pilipino dahil sa itinuturing nila ang kanilang mga kausap bilang bahagi ng kanilang mga sarili. Ang hubog na ito ng kanilang pag-iisip ay nauugat sa kanilang katutubong karunungan. Sa ganang kanilang pananaw, nabibilang sila sa isang grupo kung kaya’t tuwinang isinasaalang-alang nila ang kalooban, kalagayan, at kapakanan ng kanilang kapwa na nagbubunga ng mas malalim at sanga-sangang ugnayan sa kanilang lipunan. Alalaong baga’y palasak ang paggamit ng idyoma sa kanilang pakikipag-ugnayan sa kapwa mula sa antas ng pakikitungo hanggang pakikiisa bilang bahagi ng kanilang pagtalima sa alituntunin ng kanilang lipunan na maging “makatao”. Gayundin, sa pamamagitan nito’y nakapag-iwan sila ng magandang mukha sa kanilang kapwa na tunay na mahalagang aspekto ng kanilang pakikipagkapwa na tumutungo sa kanilang pag-iingat sa sariling dignidad, reputasyon, at integridad bilang isang tao. Sa ganang mga ito, mapapansing buo ang pagsisikap nilang makapagtatag ng mahinusay na ugnayan sa kapwa.

Upang higit na maitatag ang pakikipagkapwa, mahalagang isaisip na ang mga nailahad na metapora ay posibilidad na magkaroon ng ibang kahulugan sang-ayon sa iba’t ibang

kontekso. Una sa kontekstong sosyal, ang mga nailahad na idyoma ay maaring mayroong ibang pagpapakahulugan o paraan ng paggamit sang-ayon sa antas sa lipunan ng mananalita. Maaring ilan sa mga ito ay nagagamit sa parehong konteksto ng mga mananalita na nasa mababang antas na nakikipag-ugnayan mula sa kolokyal hanggang balbal na antas ng wika. Gayundin naman, sa mga mananalita na nasa mataas na antas ng lipunan maaring ang mga ito ay may ibang paraan ng pag-unawa sa mga nabanggit na metaporikal na ekspresyon dahilan sa hindi sila ganap na hantad sa paggamit nito sanhi ng wika na kanilang ginagamit sa karaniwang talastasan. Isa sa naging batayan ng pagbibigay-kahulugan sa mga metapora ay ang grupong-hambing na pawang mga nasa *middle class* na katayuang panlipunan kung kaya't nagagamit ng mga ito ang mga inilahad na idyoma sa karaniwang pakikipagtalastasan at pili sa instruksyon. Ikalawa ay ang kontekstong politikal kung saan, ang mga nabanggit na metapora ay maaring magkaroon ng ibang kahulugan o gamit sa ilang mananalita na may ugnayang politikal. Maaring ilan sa mga ito ay mayroong ibang kahulugan o paraan ng paggamit na naiugnay nila sa mga politiko, institusyon, at kaganapang politikal. Gayundin, maaring ang mga ito ay nauunawaan nila sa ibang konteksto na kanilang naididikit sa mga isyung politikal, ideolohiya, at mga partidong pampulitika. At huli, ang kontekstong heograpikal kung saan ang mga nabanggit na metapora ay maaring magkaroon ng ibang baryasyon, paraan ng paggamit, at pag-unawa sa mga mananalita mula sa ibang rehiyon na mayroong ibang wika at kultura. Ang grupong-hambing na batayan ng pag-aaral ay natukoy na mula rehiyon ng NCR at CALABARZON na pawang mananalita ng wikang Filipino. Kung kaya naman maisasaad na ang mga nailahad na idyoma ay mayroon lamang metaporikal na kahulugan sa wikang Filipino dahilan sa pagkakaroon ng semantik na kaibahan sa bawat wika na sumasalamin sa kultural na kaibahan.

Paglalahat

Ang kabuuang bilang ng mga metaporikal na idyomang inilahad sa papel ay tatlumpu't dalawa (32) na inihanay sa apat na tema at linggwistikang sinuri sa dalawang kaparaanan. Una, pagsipat sa kahulugan ng mga metaporikal na idyoma sa paraang leksikal semantiks. Batay sa mga inilahad na kahulugan ng mga metaporikal na idyoma, sa unang tema ay ginamit ang katangian ng mga *halaman* upang ilarawan ang emosyon, gawi, at buhay ng tao. Samantala sa ikalawang tema, ay binigyang-diin ang mga kabuluhan o paraan ng paggamit ng mga *bagay* upang ilarawan ang pamumuhay, pag-uugali, at pagkakakilanlan ng tao. Sumunod sa ikatlong tema, iniugnay ang mga katangian, pisikal na kaanyuan, at kakayahan ng *hayop* sa bahagi ng katawan, kilos, pag-iisip, kalagayan, kaugalian at kapintasan ng tao. At huli sa ikaapat na tema, binigyang kahulugan ang mga metapora ayon sa bawat gampanin ng mga *bahagi ng katawan* upang matukoy ang kakayahan at kalagayan ng tao gayundin ang paglalarawan ng pag-uugali at kilos nito.

Kaugnay nito, isinaad ni de Saussure (binanggit ni Gonzales-Garcia, 1999) na may relasyong sintaktik ang mga salita sa loob ng wika at isang problema ng linggwistiks tungkol sa kahulugang leksikal ang karakterisasyon ng mga relasyong ito. Kung kaya naman sa ikalawang bahagi ng pag-aaral, lapat ang konseptwal semantiks ay sinuri ang anyo at estruktura ng mga idyoma upang mailahad ang pinaghugutan ng kahulugan nito tungo sa matatas at mabisang paggamit sa diskurso. Sang-ayon ito sa inilabas nina Katz at Fodor na *The Structure of Semantic Theory* (1963) na nagpapaliwanag sa kakayahan ng ispiker na makapaglahad at makaunawa ng *infinite-set* ng mga pangungusap na kabilang sa isang wika. Mula rito, inihanay

ang mga idyoma sa tatlong anyo at tinukoy ang bawat leksikal na kategorya nito. Lumalabas sa pagsusuri na malaking bilang ng mga metaporikal na idyoma ay naibibilang sa konstruksiyong parirala na mayroong labing-pitong (17) ekspresyon, sinundan ito ng tambalang metapora kung saan naitala ang labing-isang (11) ekspresyon at huli, metaporang payak na napaghanayan ng apat (4) na ekspresyon. Samantala sa pagsusuri ng mga estruktura ng mga metapora, natukoy na pangngalan, pang-uri, at pandiwa ang ilan sa mga leksikal na kategoryang kinabibilangan nito. Gayundin, ang ilan sa mga metaporikal na idyoma ay maaring lakipan ng panlapi at magkaroon ng pagbabagong morpo-ponemiko upang mabago ang kahulugan nito. Dagdag pa rito, ginamit din ang pang-akop na -ng upang iugnay ang katangian ng bawat tema sa tao.

Sa pagdalumat na ito sa mga metapora, mailalarawan na lipos sa talinghaga ang kultura ng pakikipagtalastasan ng mga Pilipino na nauugat sa mataas na antas ng kanilang pagbabahagin ng kahulugan. Maisasaad na ito ay isang kanilang mekanismo sa pagpaparating ng kanilang saloobin at kaisipan sapagkat nanatili ang kanilang pagkakaunawaan sa kabila ng hitik sa pahiwatig na paraan ng kanilang pagbibigay ng mensahe. Isinaad ni Maggay (2002) na ang mahiwatig na pakikipag-ugnayan ng mga Pilipino ay dala ng masalimuot na sapot ng kanilang pagkakaugnay sa isa't isa. Bagay na indikasyon lamang ng isang mayaman, sensitibo, at maingat na pagpapahayag na kaakibat ng isang kulturang matindi ang kakayahang himay-himayin nang pinong-pino ang hibla ng pakikitungo sa isa't isa. Gamit ang mga metaporikal na idyoma, nagkakaroon ng pagsasadireksyon sa talastasan ang mga Pilipino na nauugat sa ideya ng katanggap-tanggap na hubog ng pakikitungo sa kanilang lipunan. Hindi ito pagpapakitang-tao bagkus ay pagpapahalaga sa pagkatao ng kausap dahil itinuturing nila itong bahagi ng kanilang sarili kaya't hanggang maari ay iniingatan nilang mayurakan ang dangal o pagkatao nito.

Mahalagang tandaan na ang mga ekspresyong sinuri ay mayroon lamang metaporikal na kahulugan sa wikang Filipino. Kung isasalin ang mga metaporikal na idyomang ito sa ibang wika, magkakaroon ito ng ibang kahulugan sapagkat hindi magkatumbas ang konspetong naipahayag sa magkaibang wika. Isinaad ni Bryam (2012; binanggit ni Ayers, 2015) na nangangailangan ng kultural na pag-unawa ang wika upang masalita at maunawaan ang kahulugan nito. Bilang ang wika at kultura ay magkasandig, maiuugnay sa pag-aaral na ito ang prinsipyo ng *Linguistic Relativity* (1956), kung saan ang lahat ng tagapag-oberba ay hindi inihahain o dinadala ng parehong pisikal na ebidensiya sa parehong larawan o imahe ng mundo maliban na lamang kung magkatulad ang kanilang *linguistic background*. Samakatuwid, mahalagang maunawaan ang kultura na nagluluwal ng mga kagawian at kaparaanan sa isang nabubuong ugnayang pangkomunikasyon upang mabatid ang kabuluhan at bisa ng isang mensahe. Sa pagkakaroon ng kahulugan ng mga idyoma, napakahalagang batayan ang bakgrawnd ng kultura, karanasan at kaalaman sa wika gayundin nakaiimpluwensya rito ang kapaligiran o lipunan na kinabibilangan ng isang tao sa paggamit at pagbibigay-kahulugan sa mga ekspresyon.

Dagdag pa rito, mahalagang salik din na bigyang-pansin sa angkop na paggamit ng mga metaporang inilahad ay ang pangunahing naging batayan ng pag-aaral na grupong-hambing na binubuo lamang ng limang taga-tugon. Dahil layon ng pag-aaral na makapaglahad ng *linguistic analysis* sa mga metapora sa wikang Filipino, itinuring na sapat ang bilang ng mga taga-tugon dahilan sa tinutugunan nito ang pangangailangan ng pag-aaral. Ilang mga salik na isinaalang-alang sa pagpili ng mga ito ay ang kanilang mga pinagmulang bayan,

antas sa lipunan, edad, at edukasyonal na bakgrawnd. Binigyang-halaga ang pinagmulang bayan ng bawat taga-tugon bilang pagkilala sa kanilang kinabibilangang kultura at sinasalitang wika. Natukoy na ang mga ito ay mula sa ilang lungsod sa NCR at CALABARZON na mananalita ng wikang Tagalog na pangunahing saligan ng wikang Filipino. Gayundin, ang antas sa lipunan ng bawat isa ay binigyang-pansin dahilan sa posibilidad na magkaroon ang mga taga-tugon ng magkakaibang oportunidad at karanasan sa pakikipagtalasatasan na makakaapekto sa kanilang pag-unawa at paraan ng paggamit ng mga metapora sa diskurso. Nakilala na ang lahat ng mga taga-tugon ay nabibilang sa *middle class* na gumagamit ng mga metapora sa kaswal na pakikipag-usap sa kaibigan, kapamilya, at katrabaho. Maiuugnay rin mula rito ang kahalagahan ng pagsasaaalang-alang sa kanilang edad at edukasyunal na bakgrawnd na nagtatakda ng kanilang pagkakaiba sa oportunidad, karanasan, at pananaw. Mula rito, natukoy na ang mga taga-tugon ay nasa edad 25-46 at mayroong mga yunit sa masteral o doctoral dahilan para sa mga ito na maging hantad sa dahilan at paraan ng pagkakagamit ng mga metapora. Sa kabila ng mga naisa-isang salik na ito, natukoy na mayroong iisang interpretasyon ang mga taga-tugon sa lahat ng mga metaporang nailahad sa papel na nangangahulugan lamang na iisang kaisipan sa paggamit ng idyoma ang dumadaloy sa mga Pilipino.

Ang pag-aaral na ito ay isang pagtugon sa panawagan ni Gaitan-Bacolod sa kaniyang preliminaryong papel na magsagawa ng mas malalimang pag-aaral sa mga metapora sa wikang Filipino. Bilang preliminaryong pag-aaral, isinaad ni Gaitan-Bacolod na ang mga analisis na inilahad sa kaniyang papel ay batay lamang sa limitadong datos na kaniyang nakalap. Kung kaya naman sa pag-aaral na ito, sinikap na madalumat ang ilan pang metapora sa wikang Filipino. Mula sa dalawang tema na sinuri ni Bacolod na tuon sa mga metaporang gumagamit ng hayop at bahagi ng katawan na mayroong kabuuang bilang na dalawampu't isa (21), linggwistikal na nasuri sa pag-aaral na ito ang mga metaporang nahanay naman sa apat na tema na tinukoy na mga metaporang gumagamit ng halaman, hayop, bagay, at bahagi ng katawan na may kabuuang bilang na tatlumpu't dalawa (32). Gayunpaman, isa sa naging limitasyon ng pag-aaral ay ang pagsipat sa mga *borrowed metaphors* tulad ng isinagawa ni Gaitan-Bacolod kung saan nakatukoy siya ng karagdagang tatlong (3) metapora na gumagamit o mayroong kasamang hiram na salita. Parehong dinalumat sa mga pag-aaral ang paraan ng pagpapahayag ng kahulugan ng mga metapora at pagsipat sa anyo at estruktura ng mga ito. Gayunpaman, ang papel na ito ay idinikit sa semantika bilang tugon sa layunin na makapagsagawa ng linggwistikal na analisis na tumutungo sa madaling pag-unawa at malinaw na pagpapakahulugan sa mga metapora. Kaugnay nito, ang interpretasyon ng pag-aaral na ito ay hindi lamang limitado sa mga taga-tugon at personal na pananaw tulad ng naging batayan sa preliminaryong papel, gayundin ito ay ibinatay sa mga paskil at artikulo upang matiyak ang kaangkupan at napapanahon na kahulugan ng bawat ekspresyon. Makalipas ang higit isang dekada, natukoy na ang parehong metapora na sinuri sa mga pag-aaral ay nanatiling magkapareho ang anyo at estruktura maging ang kahulugan nito bagaman lumawig o nadagdagan ang kahulugan ng ibang metapora sanhi na rin ng madalas na paggamit dito sa diskursong Filipino.

Sa pamamagitan ng pag-aaral na ito, napalalim ang paglalarawan sa paraan ng komunikasyon ng mga Pilipino. Bilang bahagi ng pasalitang kultura sa wikang Filipino, natukoy na naghahain ito ng pagkakakilanlan at pagkakaibang kultural ng mga Pilipino. Naisa-isa sa pag-aaral ang paraan ng pagpapakahulugan sa mga metaporikal na idyoma na malimit na

ginagamit sa talastasang Pilipino. Mula rito, inaasahan ang angkop na paggamit ng mga ito sa konteksto ng diskurso upang maiwasan ang makapanakit ng damdamin ng kausap at higit na makapagtatag ng mahinusay na ugnayan sa kapwa na bahagi ng kulturang Pilipino. Gayundin, sa tulong ng pag-aaral, maiwasan ang pagbibigay ng maling interpretasyon sa bawat metaporikal na ekspresyon dahil nabatid ang estruktura at anyo ng mga ito na ayon nga sa tuntunin ng leksikal semantiks ay nakakatulong sa pagbibigay ng kahulugan sa mga ekspresyon. Liban pa rito, nabigyang-pansin din sa pag-aaral ang mahahalagang salik na nakakaapekto sa pagkakaroon ng kahulugan ng mga metapora kung kaya naman isaalang-alang ito bago gamitin ang mga ekspresyon sa talastasan nang maiwasan ang hindi pagkakaunawaan at maisabuhay ang katutubong pamamaraan ng pagpapahayag.

Ang pag-unawa kung paano nahuhubog ng mga metapora ang komunikasyong Pilipino ay nagreresulta sa malalim na pagpapahalaga at paggalang sa kanilang kultura. Sa ganang ito, nang mapagtibay pa ang nailarawang pamamaraan ng kanilang komunikasyon, marapat na bigyang-pansin ng mga susunod na mananaliksik sa parehong paksa ang sumusunod na kaisipan: una, limitadong nasuri sa pag-aaral na ito ang mga metaporikal na idyoma sa wikang Filipino sapagkat ito'y nagbigay-tuon lamang sa mga *metaphorical idioms* at pangunahing ibinatay lamang sa tugon ng grupong-hambingan. Sa ganang ito, iminumungkahi na magsagawa pa ng pagdalumat sa iba pang metapora sa wikang Filipino upang masipat sa malawak pang konteksto ang gamit ng idyoma sa diskursong Pilipino. Natukoy na matalinghaga ang paraan ng komunikasyon ng mga Pilipino kaya't tiyak na mahaba pa ang listahan ng mga metaporang maaring analisahin. Maaring gamiting batayan ang paraan ng pag-aanalisa sa pag-aaral na ito bilang pagpapatibay sa pamamaraang ginamit o dalumatin ito na tuon sa lente ng *conceptual metaphors*. Ikalawa, mainam din na makapagsagawa ng pagsusuri sa isa pang uri ng metapora na tinukoy ni Barayuga (1995; binanggit ni Gaitan-Bacolod, 2010) na *poetic metaphors* o mga metaporang walang *fixed forms* kung saan ang interpretasyon ng mga ito ay maaring mag-iba batay sa nagbabasa at gumagamit. Magiging daan ito upang mapag-ibayo ang pag-unawa at kamalayan ukol sa paghahatid ng Pilipino ng mga mensahe sa isa't isa. Ikatlo, dalumatin ang gamit ng metapora sa diskurso kaugnay ng mga Pilipino na nasa iba pang antas ng lipunan. Sa papel na ito, naikahon lamang sa *middle class* ang antas sa lipunan ng grupong-hambingan na pawang mga propesyunal at may maunlad na kakayahang pang-wika kung kaya naman maituturing na malaki ang impluwensya nito sa interpretasyon ng mga datos. Nang mapagtibay ang matalinghagang paraan ng diskursong Pilipino, iminumungkahi na bigyang-pansin ang iba pang mga mamamayan na kabilang sa ibang antas ng lipunan. Ikaapat, isang hamon sa pananatiling buhay ng paggamit ng mga metaporikal na idyoma ang midya. Kung kaya naman mahalagang dalumatin din ang impluwensya nito sa gamit ng metapora sa diskursong Pilipino. Huli, gamit dalawang kaparaanan ng pagsusuring semantika, palalimin ang pagtuturo ng idyoma nang maunawaan ng mga kabataan ang malalim na pagkakabuhol nito sa kanilang pagkakakilanlan bilang mga Pilipino. Kalimitan ay nagiging tumbasan lamang ang pagtuturo nito dahilang upang limitadong magamit ng mga kabataan sa kanilang pakikipag-ugnayan na tumutungo sa unti-unti nitong pagkalusaw.

Bilang pangwakas, maisasaad na ang pag-aaral na ito sa mga idyoma ay nag-uugat sa lahi ng mga Pilipino. Ang kanilang paggamit nito ay maituturing na palatandaang nangangailangan nang matalas na pakiramdam upang matanto, maunawaan, at mabisang makapagpahayag. Sa pamamagitan ng paggamit nito, nailalarawan ang mga malalalim na

katotohanan at pananaw na sumasalamín sa kanilang kolektibong karanasan at paniniwala na nagiging tulay sa pagitan ng nakaraan at kasalukuyan. Ayon kay Gaitan-Bacolod (2010) nagsisilbi itong repleksiyon ng mayamang wika, kultura, paniniwala, karanasan, at pananaw sa buhay ng mga Pilipino. Tanda ng paggamit nito ang pagpapahalaga sa pinagmulan at pagpapanatili ng kaugaliang Pilipino. Kaya't marapat lamang na ipagpatuloy ang paggamit nito bilang bahagi ng pagpapayabong ng wika at pagpapahalaga sa kultura.

Mga Sanggunian

- Ahmadi A. and Elaheh Rafatbakhsh. (2019). A thematic corpus-based study of idioms in the Corpus of Contemporary American English. *Asian-Pacific Journal of Second and Foreign Language Education*, 4(11). <https://doi.org/10.1186/s40862-019-0076-4>
- Añonuevo, R. (2008). *Idyoma, talinghaga, at tayutay sa komunikasyon ng mga Filipino*. <http://alimbukad.com/2008/07/28/idyoma-talinghaga-attayutay-sa-komunikasyon-ng-mga-filipino/>
- Ayers, K. (2015). A Study of Idioms in Relation to Language Universals.
- Cacciari C. and Patricia Tabossi. (1993). Idioms: Processing, Structure, and Interpretation. 1, (C. Cacciari, P. Tabossi, & C. Cacciari, Eds.) (1st ed.). *Psychology Press*. <https://doi.org/10.4324/9781315807133>
- Cruse. D. (1986). *Lexical Semantics*. Cambridge University Press
- Eco, U. et. al. (1988). Meaning and Mental Representations. (pp.81-98). *Bloomington and Indianapolis, Indiana University Press*.
- Gaitan-Bacolod, M. (2010). Ang Metapora sa Wikang Filipino: Isang Descriptive na Pag-aaral sa Metaporang Ginagamit sa Pang-araw-araw na Diskurso. *Philippine Social Sciences Review*, 62(1).
- Gemmell M. (2015). *Semantic Role Alignment in Metaphor: A Frame Semantic Approach to Metaphoric Meaning*. University of Texas at Austin.
- Gonzales-Garcia, Lydia. (1999). *Makabagong Grammar ng Filipino*. Rex Bookstore
- Jackendoff R. (1990). *Semantic Structures*. MIT Press.
- Katz, J. J., and Fodor, J. A. (1963). The Structure of a Semantic Theory. *Language*, 39(2), 170–210. <https://doi.org/10.2307/411200>
- Lucy, J. A. (1997). Linguistic Relativity. *Annual Review of Anthropology*, 26, 291–312. <http://www.jstor.org/stable/2952524>
- Liu, Z. (2012). Analysis of Idiom Variation in the Framework of Linguistic Subjectivity. *English Language Teaching, Canadian Center of Science and Education*, 5(6), 105-105. <https://doi.org/10.5539/elt.v5n6p105>
- Maggay, M. (2002). *Pahiwatig: Kagawiang Pangkomunikasyon ng Filipino*. Ateneo de Manila University Press.
- Paz, Consuelo et. al. (2003). *Ang Pag-aaral ng Wika*. University of the Philippines Press.
- Reyes-Otero, M. et.al. (2002). *Glosari sa Edukasyon*. University of the Philippines, Sentro ng Wikang Filipino.
- Santos, P. (2020, August). *Idyoma o Sawikain*. Blogspot.com. <https://filipinotutorial.blogspot.com/2020/08/idyoma-o-sawikain-at-mga-halimbawa.html>
- Vega-Moreno, R.E. (2002). Representing and processing idioms.
- WIKApedia. (2016, March 8). *TALINGHAGA = figure of speech*. Facebook. <https://www.facebook.com/photo/?fbid=1140388439327799&set=a.1101898803176763>

Deklarasyon ng awtor (Author's Declaration)

Kontribusyon ng mga awtor (Authors' contribution)

Walang ibang manunulat ang papel na ito maliban sa natukoy.

Pondo (Funding)

Hindi nakatanggap ng pondo ang mananaliksik sa kabuuang pagsasagawa ng pag-aaral na ito.

Pasasalamat (Acknowledgment)

Nagpapasalamat ang mananaliksik kay Dr. Ronel O. Laranjo na kaniyang naging propesor sa klase ng Filipino 203 sa UP Diliman, kung saan naging kahingian ang papel na ito. Gayundin kay Dr. Mary Ann Gaitan-Bacolod sa kaniyang mapanghamong papel na naging tulay upang dalumatin din ng mananaliksik ang diskursong Pilipino. Gayundin kina G. Ponciano Santos at G. Roberto Añonuevo para sa kanilang mga paskil na isa sa naging saligan ng pag-aaral. Lubos na pasasalamat din kay Gabriel Tabernilla, sa grupong-hambingan na tumugon sa pag-aaral, sa mga editor, at sa Dalumat na naging tahanan ng pananaliksik na ito.

Pahayag ng Posibleng Pansariling Interes (Conflict of interest statement)

Walang ipinahahayag na *conflict of interest* ang mananaliskik.

Tungkol sa awtor (About the author)

Si **Lheris May R. Ople** ay kasalukuyang guro sa De La Salle University Integrated School. Nagtapos siya ng Batsilyer sa Sekondaryang Edukasyon medyor sa Filipino bilang cumlaude taong 2018 sa EARIST-Manila. Kasalukuyan niyang tinatapos ang kaniyang masteral kaugnay ng programang Master of Arts - Filipino: Wika sa Unibersidad ng Pilipinas – Diliman.

Appendix A

Talatanungan

Pag-aaral hinggil sa Idyomatikong Ekspresyon sa Wikang Filipino na Ginagamit sa Pang-Araw-Araw na Diskurso

Pangalan:

Kasarian at Edad:

Pinagmulang bayan:

I. Pagtukoy ng mga metapora at kaangkupan nito sa diskursong Pilipino

A. Mga Idyomang Gumagamit ng Halaman sa Pagpapahayag ng Kahulugan			
<i>Lagyan ng tsek (✓) ang espasyo kung ang idyomang natukoy ay iyong ginagamit o naririnig sa diskurso</i>	<i>Idyoma</i>	<i>Kahulugan</i>	<i>Maglagay ng tsek (✓) kung angkop ang kahulugan ng idyoma at isulat naman ang batid mong kahulugan nito kung hindi ayon sa nakatala.</i>
	Balat-sibuyas	Iyakin, maramdamin	
	Nagmumurang Kamatis/Kamayas	Nag-aayos binata o dalaga	
	Putok sa Buho	Anak sa labas	
	Amoy Tsiko	Amoy alak	
Itala ang idyomang iyong ginagamit kaugnay ng temang halaman na hindi nabanggit sa talatanungan:			
Paano mo ginamit ang mga halaman sa pagbuo ng metaporikal na kahulugan?			

B. Mga Idyomang Gumagamit ng Bagay sa Pagpapahayag ng Kahulugan			
<i>Lagyan ng tsek (✓) ang espasyo kung ang idyomang natukoy ay iyong ginagamit o naririnig sa diskurso</i>	<i>Idyoma</i>	<i>Kahulugan</i>	<i>Maglagay ng tsek (✓) kung angkop ang kahulugan ng idyoma at isulat naman ang batid mong kahulugan nito kung hindi ayon sa nakatala.</i>
	Kahiramang Suklay	Kaibigan	
	Lagot ang pisi	Walang pera	
	Butas ang bulsa	Walang pera	
	Basa ang papel	Hindi mapagkatiwalaan	
	Nagbibilang ng poste	Walang trabaho	
	'Di makabasag pinggan	Mahinhin	
	Nakalutang sa ulap	Labis na saya	
	Itaga sa bato	Panunumpa	
	Nagbubuhay ng sariling bangko	Nagyayabang	

	May gintong kutsara sa bibig	Isinilang na mayaman	
Itala ang idyomang iyong ginagamit kaugnay ng temang bagay na hindi nabanggit sa talatanungan:			
Paano mo ginamit ang mga bagay sa pagbuo ng metaporikal na kahulugan?			

C. Mga Idyomang Gumagamit ng Hayop sa Pagpapahayag ng Kahulugan			
<i>Lagyan ng tsek (✓) ang espasyo kung ang idyomang natukoy ay iyong ginagamit o naririnig sa diskurso</i>	<i>Idyoma</i>	<i>Kahulugan</i>	<i>Maglagay ng tsek (✓) kung angkop ang kahulugan ng idyoma at isulat naman ang batid mong kahulugan nito kung hindi ayon sa nakatala.</i>
	Baboy	Salaula, Mataba	
	Ahas	Taksil	
	Tigre	Matapang	
	Lakad-pagong	Mabagal	
	Kutong-lupa	Maliit, Nakakainis	
	Tulog-manok	Mababaw ang tulog	
	Kapit-tuko	Mahigpit ang dikit	
	Basang-sisiw	Kaawa-awa	
	Mahirap pa sa daga	Mahirap, walang makain	
Itala ang idyomang iyong ginagamit kaugnay ng temang hayop na hindi nabanggit sa talatanungan:			
Paano mo ginamit ang mga bagay sa pagbuo ng metaporikal na kahulugan?			

D. Mga Idyomang Gumagamit ng Bahagi ng Katawan sa Pagpapahayag ng Kahulugan			
<i>Lagyan ng tsek (✓) ang espasyo kung ang idyomang natukoy ay iyong ginagamit o naririnig sa diskurso</i>	<i>Idyoma</i>	<i>Kahulugan</i>	<i>Maglagay ng tsek (✓) kung angkop ang kahulugan ng idyoma at isulat naman ang batid mong kahulugan nito kung hindi ayon sa nakatala.</i>
	Kutis-porselana	Maputi	
	Pusong-mamon	Mabait	
	Kamay na bakal	Malupit	
	Malikot ang kamay	Magnanakaw	
	Narungisan ang kamay	Nakagawa ng krimen	
	Mahina ang ulo	Bobo	
	Nagtaas ng kilay	Nagtaray	

	Magsunog ng kilay	Mag-aral nang mabuti	
	Mainit ang mata	Pinag-iinitan	
	Bukas-palad	Mapagbigay	
Itala ang idyomang iyong ginagamit kaugnay ng temang bahagi ng katawan na hindi nabanggit sa talatanungan:			
Paano mo ginamit ang mga bahagi ng katawan sa pagbuo ng metaporikal na kahulugan?			

II. Kabuluhan ng mga Metapora

Ilahad ang iyong dahilan ng paggamit ng mga idyoma sa pakikipagtalastasan.